## ABSTRAK

**Pangalan ng Institusyon: Pamantasang De La Salle-Dasmarinas**

**Dasmarinas, Cavite**

**Titulo:** MARIANG PALAD: Isang Masusing Pag-aaral sa mga Personality Profile at Damdamin ng mga Piling Babaeng Nangangande at Implikasyon sa Kanilang Pagkatao

**Mga Mananaliksik:** Honeygrace Bacani, Jesse Cyrus Barrientos, Mae Bigornia, Reggie Reyes at Therese Soliven

**Sinimulan:** Hulyo, 1998 **Halaga:** P 7,000

**Natapos:** Oktubre, 1998

**Mga Layunin ng Pag-aaral**

Tuklasin ang mga Pananaw at Damdamin ng mga Piling Babaeng Nangangande at ang naging implikasyon nito sa Kanilang Pagkatao. Maging ito man ay positibo at negatibo.

**Saklaw at Delimitasyon**

Ang pag-aaral na ito ay sumasakop lamang sa anim na babaeng nangangande mula sa piling lugar dito sa Manila, Las Pinas City at Cavite. Ang kanilang mga edad ay napapaloob sa 19-29 na taong gulang lamang. Wala silang mga asawa ngunit ang iba sa kanila sa kasalukuyan ay mayroong nobyo. Ang mga kalahok ay makapagtapos

din ng high school. Sila ay napapabilang din sa iba't-ibang mga relihiyon. Hindi na isinama dito ang mga babaeng nangangande na may asawa o may mga anak sa kadahilanang mga dalaga lamang ang nais na pag-aralan ng mga mananaliksik.

Dito isina-alang alang isa-isa at isa-isa silang sinadya upang makipag kaibigan at makapanayam. Isinaalang-alang ang bawat isa tungkol sa kanilang naging buhay noong sila ay bata pa, ang pinanggalingang pamilya, uri ng trabaho sa kanilang pinapasukan sa kasalukuyan pati ang kanilang sekswalidad.

**Metodolohiya**

Ang mga mananaliksik ay gumamint ng Case Study upang mas laong makilala ang bawat kalahok na kinapayaman. Gumamit din ng Purposive Sampling kung saan may nakitang prospektibong kalahok.

Ang metodong ginamit upang malikom ng datos ay ang natural na pag-oobserba, pakikipagkuwentuhan, pakikipagpalagayng-loob, pakikisalamuha at patanong-tanong. Nagbigay rin ng mga eksamen o pagsubok tulad ng (SSCT), pag guhit nmg anyo ng tao (HFDT), Panukat ng Ugaling Pilipino (PUP) at Isang Intelligence Test (PNLT). Gumamit din ng Casette recorder at gabay sa pagkuha ng mga Datos upang mas lalong maunawaan ang bawat Mariang Palad.

**Mga Natuklasan Sa Pag-aaral**

Ang mga sumusunod na pangunahing katanungan ang nilalayong sagutin ng mga mananaliksik at ang malalim na pagtalakay ng mga resulta ay makikita sa Kabanata IV.

1 Ano ang profile ng mga kalahok batay sa:

a. edad c. uri ng trabaho e. pinanggalingang pamilya

b. estado d. relihiyon f. Karanasan ng pagkabata

2. Ano ang personality profile ng mga babaeng nangangande?
3. Ano ang nag-udyok sa mga Mariang Palad upang mangande?
4. Ano ang damdamin ng mga Mariang Palad tungkol sa pangangande?
5. May positibo o negatibo bang implikasyon ang pangangande sa pagkatao ng mga Mariang Palad

1. Demographic Profile ng mga Kalahok batay sa:

Edad - 19 hanggang 29 na taong gulang

Estado - Walang mga asawa pero ang iba ay may mga nobyo

Uri ng Trabaho - Ang 4 sa kanila ay nagtratrabaho sa iba't-ibang kumpanya, Ang 2 sa mga kalahok na si Jan at Ms. P ay nag-aaral sa ngayon.

Relihiyon - 5 sa mga kalahok ay Katoliko at isa ay Protestante

Pamilya - 5 sa kalahok ay buo ang pamilya, si Ms. P ay nangaling sa isang pamilya na hiwalay ang magulang

Karanasan ng Pagkabata - Lahat sa kalahok ay maayos ang karanasan ng pagkabata

2. Personality Profile ng mga Kalahok

Apat sa kanila ay mataas ang nakuha sa PNLT habang ang dalawa sa kanila ay average ang kanilang nakuhang mga iskor. Karamihan sa kanila ay mayroong lumalabas na spontaniety at grandiosity ayon sa HFDT. Lumalabas din sa PUP na ang pinakamataas na iskor ay pagkaresponsable.

3. Nag-udyok upang mangande

Ang karamihan sa kanilang mga sagot ay ang kyuryosity. Ang iba naman ay dahil sa kalungkutan, at ang iba naman ay dahil sa panonood ng sekswal na palabas.

4. Damdamin tungkol sa Pangangande

Normal ang pagtingin ng 5 sa pangangande. Ngunit ayon ayon sa isang kalahok, pag ito ay sobra, ito ay masama.

5. Implikasyon sa Pagkatao

Karamihan sa kanila ay positibo ang implikasyon sa pagkatao. Ang nakita lamang na negatibong implikasyon sa kanilang pagkatao ay ang pagiging iritable ni Marissa pag hindi siya nangande.

**Higit na ipinapakita na ang mga babaeng nangangande ay may problema sa kanilang pamilya. Maipapakita ito sa takot nila sa relasyong heterosexual na kahit sa kanilang mga edad ay sadyang ayaw pa rin nilang mag kanobyo o pamilya. Marahil natatakot sila magmahal at magkalinga na tila hindi nila naranasan sa sari-sarili nilang pamilya**

**Sa impormasyong nalikom, nabatid na kaya nagawa ang pangangande ay sa kadahilanang; pagkalungkot, pag-iisa , kyuryosidad na rin ng bawat babae. Sa tensyong sekswal na nararamdaman ng bawat Mariang Palad at sa kadahilanang wala silang mga asawa at nobyo- ang pangangande ay ang naging tugon nila dito. Higit ring naunawaan ang nabuong pananaw at damdamin hinggil sa pangangnande at ang kanilang pagkatao sa pamamagitan ng** Projective Tests, Paper and Pen at Intelligence tests

**Konklusyon**

Dito napag-alaman na ang gawain na ito ay isa lamang gawaing normal. Ito nga ay nakakatulong sa kanila ng malaki sa kadahilanang nakapgaalis ito ng tensyon sa kanilang katawan dala na rin sa sari-sariling suliranin sa buhay at ng tensyong sekswal na kung minsan ang pangangnde ang nagiging "outlet" nila.

Ang pangangande ay isang outlet lamang at hndi isang gawaing abnormal. Huwag lamang aabusuhin ang sarili at alamin lamang ang sariling limitasyon.

**Rekomendasyon**

Iminumungkahi ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Layunin ng mga Mananaliksik ibayong pagunawa at pagtanggap lamang ang dapat igawad sa mga babaeng ito. Ang kanilang ginagawa ay sadyang naiiba sa ilang mga taong ayaw buksan ang kanilang isipan sa mga ganitong isyung sekswal. Ngunit kung ito ay iyong bibigyan ng pagkakataon ay maliliwanagan at maiintindihan rin sila. Ang panangande ay isang gawaing naiiba at isang masaylang bagay ngunit kahit ang mga mananaliksik ay sadyang naintindihan ang mga babaeng ito na kung maaari ay pakinngan ang kanilang saloobin.

2. Mga Babaeng Pilipino ipinapabatid ng pag-aaral na ito na ang mga babaeng nangangande ay bahagi pa rin ng ating lipunan at hindi dapat ituring na kakaiba o di normal. Huwag silang agad husgahan at lait-laitin bagkus intindihin, unawain at itratong isang tulad natin.

3. Mga Mananaliksik na Nagnanais na Magpatuloy ng Pag-aaral na ito, ang karagdagang impormasyon at bilang ng mga kalahok ay sadyang mainam upang mapagpatuloy ang pag-aaral na ito. Magsaliksik pa ng mainam upang makuha pa ang lubos na impormasyon ukol dito.

4. Ipakita ang moral na pagtanggap sa mga gawaing pangangande ng mga babae.